

**Umiiral at nakaplanong hakbang sa
promosyon ng pagkakapantay–pantay ng lahi**

ng *Legal Aid Department* [Kagawaran ng Legal na Tulong]

Sa Hong Kong, ang bawat isa ay may karapatan sa legal na tulong anuman ang kanyang lahi o uri ng paninirahan, sa kondisyon na mapapatunayan niya (babae man siya o lalake) na kasiya-siya ang pagsusuri ayon sa merito ng kabuluhan at kita.

Ang *Legal Aid Department* (LAD) ay gumawa / nagplano ng mga sumusunod na hakbang upang matulungan ang mga aplikante / mga taong may-tulong o tinutulungan na, na iba't-iba ang mga lahi kapag naghahatid ng mga serbisyong legal sa kanila:

A. Mga Pamplet sa Serbisyo ng Legal Aid [Legal na Tulong]

Umiiral na

Mga Hakbang

- Ang LAD ay naglathala ng mga serye ng mga polyeto tungkol sa mga legal na tulong sa 10 wika kabilang ang Bengali, Hindi, (Bahasa) Indonesia, Nepali, Tagalog, Punjabi, Tamil, Thai, Urdu at Vietnamese.
- Ang mga polyetong ito kasama ang iba pang mga polyeto ay makukuha sa mga opisina ng LAD o maaari silang i–download mula sa *website* ng LAD.
- Makukuha din ang mga ito sa mga nauugnay na opisina ng konsulado, ang Resource Centre ng Hudikatura para sa mga Nahaharap sa Usapin na Walang-kinatawan (*Resource Centre for Unrepresented Litigants*), Opisina ng *Legal Advice Scheme* para sa mga Litiganteng Walang-kinatawan sa Pamamaraang Sibil (*Office of the Legal Advice Scheme for Unrepresented Litigants on Civil Procedures (Procedural Advice Scheme)*), mga istasyon ng pulisya, mga katanungan ng publiko sa mga sentro ng serbisyo ng *Home Affairs Department*, mga lugar ng *Labour Department*, ang *Correctional Services Department*, *Social Welfare Department* at mga pampublikong ospital.

Pagtatasa ng
Trabaho sa
Hinaharap

- Bilang isang pagkukusa sa serbisyo sa kostumer upang mapagbuti ang kalidad ng mga serbisyong tulong pan-legal para sa mga potensyal na aplikante na may iba't-ibang lahi, isang karatula sa nabanggit na 10 wika ang ginawan ng disenyo at dinispley upang ipakita sa mga potensyal na aplikante na hindi kayang makipag-usap sa Ingles o Intsik nang pagkakaroon ng libreng serbisyo ng pagsasaling-wika upang matulungan sila sa proseso ng aplikasyon.
- Ang mga taong may iba't-ibang lahi ay maaaring sumangguni sa karatula (*poster*) o mag-download ng mga polyeto tungkol sa mga serbisyo sa *website* ng LAD para sa impormasyon.
- Ang mga Puna sa pagiging epektibo ng mga programa sa pag-aanunsyo sa publiko upang mapalaganap ang mga serbisyong tulong pan-legal ay patuloy na susuriin para sa pagpapabuti.
- Ang iba pang puna at mungkahi at suhestion mula sa mga taong may iba't ibang lahi sa mga serbisyo ng LAD ay kokolektahin at isasaalang-alang para sa patuloy na pagpapabuti ng mga serbisyo.

B. Serbisyo ng Pagsasaling-Wika para sa Paghiling ng Legal na Tulong

Umiiral na mga
mga Hakbang

- Ang legal na tulong ay ibinibigay sa bawat tao na nakakapasa sa mga pagsusuri sa kita at merito ng kabuluhan anuman ang lahi niya (at lalake man/o babae) o uri ng paninirahan.
- Ang LAD ay mag-aayos ng libreng serbisyo ng pagsasaling-wika para sa mga aplikante na hindi maalam mag- Ingles o Intsik upang matulungan sila sa proseso ng aplikasyon.
- Ang mga aplikante na nabigong makapasa sa mga pagsusuri ng kinita at / o mga merito ng katuturan ay may karapatang mag-apela sa Tagapagtala (*Registrar*) ng Mataas na Hukuman. Tutulungan ng LAD ang mga aplikante / mga apelante na magsampa ng abiso ng apela, mag-aayos ng isang petsa para sa apela at abisuhan ang Hukuman para sa libreng serbisyo ng isang tagapagsalin sa wika sa pagdinig ng apela para sa mga aplikante / mga apelante na hindi marunong mag-Ingles o Intsik.

- Ang isang karatula sa nabanggit na 10 mga wika ay ginawan ng disensyo at idinsipley upang makita upang alertuhin ang mga aplikante na hindi maalam sa Ingles o Instik ng pagkakaroon ng libreng serbisyo sa pagsasaling-wika upang matulungan sila sa proseso ng aplikasyon.

Pagtatasa ng
Trabaho sa
Hinaharap

- Ang Puna mula sa mga aplikante ng legal na tulong ay kokolektahin at isasaalang-alang para sa patuloy na pagpapabuti ng mga serbisyo.
- Isang *instant* na programa sa pagsasaling-wika (sa panulat) na naglalaman ng 9 sa nabanggit sa unang 10 wika ay na-instila na may natitirang 1 wika na ipapa-instila sa *workstation* ng pambungad na mga kawani o *frontline staff* upang isagawa ang direktang komunikasyon o pakikipagtalastasan sa mga aplikante na iba't-iba ang mga lahi.

C. Serbisyo ng Saling-wika para sa Pagdinig ng Kaso na may Tulong pan-legal

Mga
Hakbang
na Umiiral

- Kapag ang legal na tulong ay naipagkaloob sa mga taong iba't-iba ang lahi sa pagtataguyod o bilang pagtatanggol sa pagdinig ng kaso sa hukuman, magbabayad nang maaga ang LAD bilang gugol sa pagdinig ng usapin, ng pagsasaling-wika na makatuwirang ginugol ng mga nakatalagang abogado para sa maayos na pagsasagawa at pag-asikaso ng kaso.

Pagsusuri
Ng Trabaho sa
Hinaharap

- Puna mula sa mga taong tinulungan na iba't-iba ang lahi ay kokolektahin at isasaalang-alang para sa patuloy na pagpapabuti ng mga serbisyo.

D. Pagsasanay para sa Mga Kawani ng LAD

Mga Hakbang na
Umiiral

- Upang mapagbuti ang pag-unawa at kamalayan ng mga kawani ng LAD tungkol sa Kautusan sa Diskriminasyon ng Lahi (*Race Discrimination Ordinance (RDO)*) at ang mga Alituntunin at Patnubay sa Pangangasiwa sa Pagtataguyod at Pagpapalaganap ng Pagkakapantay-pantay sa Lahi (ang Mga Patnubay at Alituntunin), ang mga pag-uusap tungkol sa mga prinsipyo ng RDO at mga Patnubay at Alituntunin at pagbabahagi ng mga kaso ay inayos at naihatid ng Komisyon ng Pantay na Oportunidad (*Equal Opportunities Commission*). Ang mga pag-uusap ay dinaluhan ng mga tauhan ng LAD kabilang ang mga

propesyonal na opisyal, mga kleriko ng batas at mga pambungad na kawaning klerikal o *frontline*.

- Ang mga materyales sa pagsasanay ay na-i-upload sa *LAD Portal* para sa pagsangguni ng kawani.

Pagtatasa ng
Trabaho sa
Hinaharap

- Ang LAD ay mag-aayos ng mga kurso sa pagsasanay para sa mga miyembro ng kawani, lalo na ang mga miyembro ng *frontline* na kawani upang mapadali ang kanilang pag-unawa sa RDO at sa mga Alituntunin upang mapahusay ang kanilang kakayahan sa kultura at pangwika.

- Mangongolekta at susuriin ng LAD ang mga puna at mungkahi at suhestiyon na natanggap mula sa mga aplikante / mga taong tinulungan para sa pag-aayos ng angkop na mga kurso sa pagsasanay para sa mga kawani.

- Mangongolekta din ng puna ang LAD at mag-aanyaya ng mga mungkahi mula sa mga kawani tungkol sa mga programa sa pagsasanay na inaalok para higit na mapalawak ang kanilang pag-unawa sa RDO at mga Alituntunin.

E. Mga Katanungan ng Publiko

Ang LAD ay nagtatag ng isang mas-pinagbuting sistema para sa pagaasikaso ng mga katanungan at mga reklamo o sumbong ukol sa mga serbisyo nito. Ang sinumang tao kabilang na ang mga humihiling para sa legal na tulong, mga taong tinulungan o itinalagang abogado na nagnanais magtanong / gumawa ng isang reklamo at sumbong ay maaaring makipag-ugnayan sa mga opisyal ng serbisyo sa kostumer ng Departamento na ang mga pangalan at numero ng telepono ay naka-display para makita sa mga lugar ng tanggapan ng Departamento at sa *website* ng Departamento. Bilang karagdagan, ang mga nagtatanong / nagrereklamo ay maaaring makipag-ugnayan sa Departamento o sa *Departmental Complaints Officer* sa pamamagitan ng telepono / koreo / *fax* / email tulad ng sumusunod : –

Sa pamamagitan ng Koreo :

Attn: Ms. Kimberly YU

Departmental Complaints Officer

Legal Aid Department

27/F, Queensway Government Offices

66 Queensway

Hong Kong

Sa pamamagitan ng Telepono : (852) 2867 3171

Sa pamamagitan ng *Fax* : (852) 2869 0525

Sa pamamagitan ng *Email* : *ladinfo@lad.gov.hk*

Ang mga taong may iba't-ibang lahi na hindi makapagsalita sa Ingles o Intsik ay maaaring makipag-ugnayan sa *Departmental Complaints Officer* para sa mga libheng serbisyo ng pagsasalang-wika para sa kanilang pagtatanong o reklamo,

Nag-lathala din ang Departamento ng isang polyeto na "*Customer Service Standards*" kung saan ang mga gumagamit ng mga serbisyong legal na tulong ay binigyang kaalaman ukol sa iba't-ibang mga pamamaraan at mga pagsasagawa ng katanungan / magsampa ng isang reklamo patungkol sa mga serbisyong ibinigay. Makukuha ang polyeto para sa pamamahagi sa publiko at na-upload na sa *webpage* ng Departamento.

Para sa mga katanungan hinggil sa umiiral at nakaplanong mga hakbang sa promosyon ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnayan sa *Departmental Complaints Officer*.

Legal Aid Department

July 2022